

Lungsod at County ng San Francisco Health Officer Directive (Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan) - Attachment
Isang Handout para sa mga Tauhan (Mga Empleyado, Kontraktor, Boluntaryo) ng Mahahalagang Negosyo
(Essential Business) at Ibang mga Negosyo na Pinahihintulutan sa Patakbuhan Ngayong Panahon ng
Emerhensya sa Kalusugan
(Mayo 8, 2020)

Lahat ng negosyo o entidad na nakapaloob sa Health Officer Directive na kasama nitong handout (bawat “Negosyo”) ay dapat magbigay ng kopya sa mga Tauhan (personnel) na siyang nagtatrabaho sa labas ng kanilang kabahayan dito sa Lungsod ngayong panahon ng emerhensya. Puntahan ang www.sfcddcp.org/covid19 para sa karagdagang impormasyon o isang kopya ng form na ito.

Lahat ng Tauhan: Kung nagtatrabaho kayo sa labas ng inyong kabahayan sa Lungsod ngayong panahon nitong lokal na emerhensya, maaari kayong maging kwalipikado na makakuha ng libreng test para sa virus na nagdudulot ng COVID-19, *kahit wala kayong nararamdamang sintomas!* Puntahan lamang ang **CityTestSF** sa <https://sf.gov/get-tested-covid-19-citytests> para makakuha ng karagdagang impormasyon at magpalista sa paakuha na libreng test.

Maaaring hingiin ang mga sagot sa personal o gamit ang telepono o iba pang elektronikal na paraan sa Negosyo bago magsimula ang bawat shift. Kung magbago ang anumang mga sagot habang kayo ay nasa trabaho, ipaalam sa Negosyo gamit ang telepono at umalis sa lugar ng trabaho.

1. Kayo ba ay na-diagnosis ng COVID-19 o nagpa-test at nakumpirma na may dalang virus sa loob ng nakaraang 10 araw?
2. Nakatira ba kayo sa parehong kabahayan, o nakipag-ugnayan sa taong may diagnosis ng COVID-19 o nagpa-test at napatunayan na may dalang virus noong nakaaraang 14 na araw?

Kung “oo” ang sagot sa parehong tanong, huwag pumasok sa trabaho at sundin ang mga hakbang nakalista sa ibaba ng Part 2.

3. Nagkaroon ba kayo ng isa o higit pa sa mga sintomas ngayong araw o sa loob ng nakaraang 24 oras, na siyang bago o hindi ipinaliwanag sa isang pre-existing (paunang) kondisyon?

- | | |
|--------------------------------------------------------|------------------------------------|
| • Lagnat, Panginginig (chills), o Tuluyang Panginginig | • Pagkawala ng Panlasa o Pang-amoy |
| • Ubo | • Sakit ng Kalamnan (Muscle pain) |
| • Namamagang Lalamunan (Sore Throat) | • Sakit ng ulo (Headache) |
| • Kahirapan sa Paghinga | • Sinisipon o baradong ilong |
| • Hindi Karaniwang Panghihina o Kapaguran | • Diarea o pagdudumi |

Kung “oo” ang sagot sa Tanong 3, huwag pumasok sa trabaho at sundin ang mga hakbang na nakalista sa ibaba ng Part 3.

Part 2 –

- Kung **oo** ang sagot **sa Tanong 1:** kayo ay napapailalim sa Health Officer Isolation Directive (Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan hinggil sa Pagbubukod). Huwag pumasok sa trabaho. **Sundin ang mga Hakbang sa Pagbubukod:** <https://www.sfcddcp.org/Isolation-Quarantine-Packet>
- Kung **oo** ang sagot **sa Tanong 2:** kayo ay napapailalim sa Health Officer Quarantine Directive (Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan hinggil sa Kuwarantina). Huwag pumasok sa trabaho. **Sundin ang mga Hakbang sa Kuwarantina** sa: <https://www.sfcddcp.org/Isolation-Quarantine-Packet>
- Huwag bumalik sa trabaho hangga’t itinatakdang ligtas ng mga Hakbang ng Pagbubukod o Kuwarantina!
- Ipinapaliwanag sa Dokumentong ito ang kahulugan ng ***Close Contact:** <https://www.sfcddcp.org/Isolation-Quarantine-Packet>

Part 3 – Kung oo ang sinagot sa Tanong 3:

Maaaring mayroon kayong COVID-19 at **dapat magpa-test para sa virus** bago bumalik sa trabaho. Kapag walang test, dapat tratuhin kayo ng Negosyo bilang positibo sa COVID-19 at dapat ipagutos na huwag kayong pumasok sa loob ng hindi bababa sa **10** araw sa kalendaryo. Kailangan ninyong magpa-test sa virus, para makabalik kayo agad sa trabaho at nang maprotektahan ang iba nasa paligid ninyo. Sundin ang mga hakbang na ito:

Lungsod at County ng San Francisco Health Officer Directive (Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan) - Attachment
Isang Handout para sa mga Tauhan (Mga Empleyado, Kontraktor, Boluntaryo) ng Mahahalagang Negosyo
(Essential Business) at Ibang mga Negosyo na Pinahihintulutan sa Patakbuhan Ngayong Panahon ng
Emerhensya sa Kalusugan
(Mayo 8, 2020)

1. Kontakin ang inyong healthcare provider (tagapagpangalaga sa kalusugan) tungkol sa pagkuha ng test sa virus, o magpalista sa libreng pa-test sa CityTestSF <https://sf.gov/get-tested-covid-19-citytestsf>. Kung nakatira kayo sa labas ng Lungsod, maaari ninyong tingnan ang county na inyong tinitirahan, magp-test sa inyong karaniwang healthcare provider, o gamitin ang CityTestSF.
2. Hintayin ang resulta ng inyong test sa bahay para mabawasan ang pagkalantad ng inyong mga kapwa kasambahay. Isang magandang rekurso ito: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/if-you-are-sick/steps-when-sick.html>
3. Kung positibo ang resulta ng inyong test (pinapatunayan na mayroon kayong dinadala na virus) puntahan ang **Part 2** sa itaas at sundin ang mga **Hakbang sa Pagbubukod**.
4. Kung negatibo ang resulta, huwag bumalik sa trabaho hangga't lumipas ang sunod-sunod na 3 araw na wala kayong lagnat o iba pang mga sintomas.

Kung may iba kayong mga tanong tungkol sa anumang bahagi ng Handout na ito, mangyaring tawagan lamang ang 3-1-1